PHILIPPINE GENERAL HOSPITAL
The National University Hospital
University of the Philippines Manila
DIETARY DEPARTMENT
Taft Avenue, Manila
PHIC-Accredited Health Care Provider
ISO 9001:2008 Certified

CITIZEN'S CHARTER SERVICE GUIDE

PAGKONSULTA SA NUTRISYON, FOLLOW-UP, AT WASTONG PARAAN NG PAGKAIN

Saan: Unang Palapag, Rm. 141, Gusaling DOPS
Telepono: 554-84-00 Local No. 5107
Pinuno ng Yunit: Emelita O. Lavilla (Nutritionist-Dietitian V)

Sino ang makakakuha ng serbisyo:

- Mga pasyenteng nangangailangan ng pangangalagang nutrisyon upang matulungan na:
  1. Magkaroon ng wastong paraan/gawi ng pagkain;
  2. Mapangalagaan ang iba't ibang sakit;
  3. Magkaroon ng malusog at tamang kalagayang pangnutrisyon; at
  4. Mapabuti ang iba't ibang pag-uugaling kaugnay sa pagkain.

Mga kailangang dalhin:

- Bagong Pasyente
  1. Medical Chart
  2. Blue Card
- Pasyenteng pinabalik para sa "Follow-up"
  1. Binigay na plano ng pagkain noong unang bisita sa Nutrition Clinic
  2. Pinakabagong resulta ng eksaminasyon sa laboratoryo (kung mayroon)
  3. Medical Chart

Iskedyul ng serbisyo: Lunes – Biyernes; 8:00 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon

Mga bayarin: Ang serbisyong ito ay ibinibigay nang LIBRE sa mga pasyente ng PGH.

Paano makakakuha ng serbisyo:

- Para sa mga Bagong Pasyente

HAKBANG	GAGAWIN NG APLIKANTE/KLIYENTE	GAGAWIN NG OPISINA/YUNIT	ITATAGAL NG GAWAIN	EMPLEYADONG NAMAMAHALA
1	Pumunta sa diyetisyan para malaman ang iskedyul.	Kunin ang medical chart at bigyan ng numero ang pasyente.	2 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
2	Pumunta sa diyetisyan kapag tinawag ang pangalan o numero.	Basahin ang medical chart. Kunin ang kumpletong detalye ng sakit, mga resulta ng eksaminasyon sa laboratoryo at iba pang importanteng impormasyon. Kumpletuhin ang Nutrition Assessment Report Form.	3 hanggang 5 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
3	Sagutin ang mga tanong ng diyetisyan.	Alamin ang taas at timbang ng pasyente. Tanungin ang madalas na kinakain, mga paboritong pagkain, at gawain sa maghapon.	20 hanggang 25 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
4	Hintayin ang ibibigay na babasahin tungkol sa pangangalaga ng inyong nutrisyon.	Ihanda ang plano ng pagkain at iba pang kailangang babasahin patungkol sa nutrisyon.	5 hanggang 7 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
5	Makinig sa paliwanag ng diyetisyan tungkol sa mga dapat kainin.	Magsagawa ng "diet counseling".	30 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
6	Tanggapin ang mga babasahin. Ibigay ang Blue Card para maisulat ang araw ng pagbalik sa diyetisyan.	Bigyan ng mga babasahing kailangan ng pasyente. Isulat ang araw ng pagbalik para sa "follow-up" at ipaalala sa pasyente na dalhin ang mga ibibigay na babasahin sa kanilang pagbalik.	3 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
7	Isulat ang pangalan ng pasyente sa Medical Chart Logbook kung ilalabas ang medical chart sa Nutrition Clinic.	Gabayan ang pasyente sa pagsulat ng kanilang pangalan sa Medical Chart Logbook.	1 minuto	Naka-duty na Diyetisyan

- Para sa mga "follow-up" na pasyente

HAKBANG	GAGAWIN NG APLIKANTE/KLIYENTE	GAGAWIN NG OPISINA/YUNIT	ITATAGAL NG GAWAIN	EMPLEYADONG NAMAMAHALA
1	Pumunta sa diyetisyan para malaman ang iskedyul.	Sabihin sa pasyente ang kaniyang numero.	1 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
2	Pumunta sa diyetisyan kapag tinawag ang pangalan o numero.	Alamin ang taas at timbang. Suriin ang mga ibinigay na babasahin sa pasyente at tingnan ang resulta ng pinakabagong eksaminasyon sa dugo.	10 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
3	Makinig sa mga paalala at habilin ng diyetisyan.	Ulitin ang mga tagubilin patungkol sa diyeta. Magbigay ng karagdagang paalala kung kinakailangan.	15 hanggang 20 minuto	Naka-duty na Diyetisyan
4	Ibigay ang Blue Card sa diyetisyan.	Isulat sa Blue Card ang susunod na pagbalik ng pasyente sa diyetisyan.	1 minuto	Naka-duty na Diyetisyan

Para sa mga katanungan, mungkahi, reklamo o komentaryo, maaaring gawin ang alin man sa mga sumusunod:

- Magsulat sa aming *"Service Evaluation Form"* at ihulog ito sa *Suggestion Box*
- Tumawag sa 554-84-00 lokal 5107 at hanapin si Gng. Emelita O. Lavilla

Maraming salamat sa inyong tulong para sa lalo pang pagpapabuti ng aming serbisyo.